# *Pagkaing Inihain sa mga Dios diosan Yugto 1*

***"20 Kundi sumulat tayo sa kanila, na sila'y magsilayo sa mga ikahahawa sa diosdiosan, at sa pakikiapid, at sa binigti, at sa dugo." (Mga Gawa 15:20 KJV)***

***"28 Sapagka't minagaling ng Espiritu Santo, at namin, na huwag kayong atangan ng lalong mabigat na pasanin maliban sa mga bagay na ito na kinakailangan: 29 Na kayo'y magsiilag sa mga bagay na inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa mga binigti, at sa pakikiapid; kung kayo'y mangilag sa mga bagay na ito, ay ikabubuti ninyo. Paalam na sa inyo." (Mga Gawa 15:28-29 KJV)***

***"23 Nguni't tungkol sa mga Gentil na nagsisisampalataya, ay sinulatan namin, na pinagpayuhang sila'y magsiilag sa mga inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa binigti, at sa pakikiapid." (Mga Gawa 21:25 KJV)***

Ngayon, tayo ang mga Gentil na nanampalataya kay Cristo, at ang pasya ng mga Apostoles sa aklat ng ***Mga Gawa 15*** ay nararapat sa atin. Inutusan tayyo na umiwas sa apat na bagay:

1. Pagkain ng inihain sa mga dios diosan.
2. Pagkain ng dugo.
3. Pagkain ng mga binigtang mga hayop.
4. Pakikiapid.

***"19 Ano ang aking sinasabi? na ang hain baga sa mga diosdiosan ay may kabuluhan? o ang diosdiosan ay may kabuluhan? 20 Subali't sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonio. 21 Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonio. 22 O minumungkahi baga natin sa paninibugho ang Panginoon? tayo baga'y lalong malakas kay sa kaniya?" (1 Corinto 10:19-22 KJV)*** Ang pagkain na inihain sa mga dios-diosan ay isang karaniwang gawain sa maraming bahagi ng sanglibutan. Ang mga tao ay nakikibahagi sa pagsamba at pagbubunyi ng mga pagano na nakatuon sa mga dios-diosan. Maaring anyayahan tayong makibahagi sa pagkain na iniaalay sa mga demonyo.

Sa aking karanasan sa pag abot sa mga tao sa iba't ibang bansa at sa pagtuturo sa iba't ibang simbahan ng mga kapisanan, isa sa mga paksa na karaniwang kong itinuturo ay, ang pagkaing inihain sa mga dios-diosan. Karamihan sa mga tinuturuan ko ay naaakit na tanggapin ang paanyaya ng mga di mananampalataya para lamang sa pagbabad ng kanilang gana sa libreng pagkain. Marami ang nagbibigay ng dahilan kung bakit mahal, mahirap, at matagal ang paghahanda ng pagkain sa bahay kaya palaging tinatanggap ang mga paanyaya ng mga tao sa mga araw ng kapistahan. Bukod dito, ito ay nagbibigay ng isang pagkakataon upang pakainin sa isang napakasarap na pagpili ng pagkain na kung saan ay kung hindi man ay hindi abot kaya. * Ngayon ang ideya na makakuha ng libre at masarap na pagkain mula sa mga di-banal na pinagkukunan na ito ay makasalanan at labag sa Dios. Ito ay pakikipagpisan sa mga demonyo at karagdagan doon, ang mga mananampalataya na paroron sa gayong mga dako ay nakikipagkompromiso sa mga ibang maling relihiyon tulad ng Budismo, Hinduhismo, Islam, Baha'ismo, Catoliko, at iba pa. * Ang mga patuloy na na sumasama sa gayong mga tao ay hindi direktang sumasang ayon sa kanilang maling mga relihiyon at sa ganitong paraan ipinapakita nila ang kanilang pakikipagkaisa sa maling mga dios. Sila'y hindi naninindigan sa katotohanan ng Salita ng Dios. Ang gayong pakikipagkaisa ay mag aakay sa kamunduhan, at tatanggapin nila ang maling input mula sa hindi mga mananampalataya at kalaunan ay magtatapos sa pagdedesisyon ng mali at pag alis mula sa Dios. * Ito ay tiyak na mag aapoy ang galit ng Dios dahil ang ating Dios ay isang mapanibughuing Dios at parurusahan Niya tayo kung katulad tayo ng mga patutot na may pakikisama sa mga di mananampalataya at makikipagtipan sa kanilang libreng pagkain.

Ang pagpunta sa gayong mga pakikipagpisan ay magbibigay din ng pahintulot sa mga hindi mananampalataya na magmalaki sa kanilang paninindigan at sa kanilang relihiyon. Pati na rin maaaring malito ang iba na nasa paligid natin, at sa ilalim ng ating pangangalaga (ang ating mga pamilya, mga anak at mga disipulo) na lumihis sa katotohanan at sundin ang kanilang mga gawi.

Ang pagkaing inihain sa mga dios-diosan kasama ang pagkaing nagmula sa ibang mga mapagkukunan. Halimbawa, ang pagkain na inialay ng lalaki sa babae upang akitin siya at magkaroon ng kaugnayan sa kanya ay pagkain din inihain sa mga dios-diosan. Mayroong mga kababaihan na inilalagay ang kanilang sarili sa isang relasyon sa kalalakihan upang makatanggap ng pagkain at suporta mula sa kanila at iyon ay kahalintulad sa uri ng pagkaing inihain sa mga dios-diosan.

Mga regalo, pera, pagkain, chokolate, bulaklak, at ibang mga bagay na ibinigay upang akitin ang mga tao na magkasala at gumawa ng mali ay katulad ng pagkaing inihain sa mga dios-diosan at dapat nating iwasan ang mga ito.

Ang pagkaing inihain sa mga dios-diosan kasama din dito ang makamundong gawain ng hindi mga mananampalataya na pinarangalan ang ilang mga okasyon at niluwalhati ang ilang mga araw na hinid ipinangilin sa Salita ng Dios, tulad ng Halloween, Valentine, Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Ama, Araw ng mga Ina, atbp. Ang makamundong gawaing ito na kamakailan lamang ay kinupkop ng mga simbahan ngayon, ay ***"ikahahawa sa diosdiosan," (Mga Gawa 15:20 KJV)*** at kailangang alisin mula sa ating kalagitnaan upang ingatang dalisay, malinis ang simbahan ng Dios mula sa mga kasiyahan at pagtitipon na lumalaganap sa simbahan ngayon dahil sa kamunduhan, pagnanasa at pagmamalaki. ***"15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. 17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man." (1 Juan 2:15-17 KJV)***

Ngayon, hindi pa kasama rito ang mga mananampalatayang na nagpapakilala sa kanilang sarili sa mga di-nananampalataya para iabot sa kanila ang Evangelio. Ang kanilang intensyon ay marangal; hindi sila naghahanap ng pagkain o makamundong kasiyahan, at mga pagsasaya, ngunit sila ay nasa misyon na tamuhin ang mga kaluluwa para sa Dios. ***"27 Kung kayo'y aanyayahan ng isang hindi sumasampalataya, at ibig ninyong pumaroon; ang anomang ihain sa inyo ay kanin ninyo, at huwag kayong magsipagtanong ng anoman dahilan sa budhi. 28 Datapuwa't kung sa inyo'y may magsabi, Ito'y inihandog na hain, ay huwag ninyong kanin, dahilan doon sa nagpahayag at dahilan sa budhi;" (1 Corinto 10:27-28 KJV)*** Si Jesus ay nagpunta sa maraming makasalanan at sa sangbahayan ng hindi mananampalataya at ang Kanyang layon ay hindi upang kumain, kundi ibahagi at ipangaral ang Evangelio gaya ng mababasa natin sa Banal na Kasulatan. ***"1 Nagsisilapit nga sa kaniya ang lahat ng mga maniningil ng buwis at makasalanan upang makinig sa kaniya. 2 At ang mga Fariseo at gayon din ang mga eskriba ay nangagbubulongbulungan, na nangagsasabi, Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan, at sumasalo sa kanila." (Lucas 15:1-2 KJV) "9 At pagdaraan doon ni Jesus, ay nakita niya ang isang tao, na kung tawagi'y Mateo, na nakaupo sa paningilan ng buwis: at sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin. At siya'y nagtindig, at sumunod sa kaniya,. 10 At nangyari, na nang nakaupo siya sa pagkain sa bahay, narito, ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan ay nagsirating at nagsiupong kasalo ni Jesus at ng kaniyang mga alagad. 11 At nang makita ito ng mga Fariseo, ay sinabi nila sa kaniyang mga alagad, Bakit sumasalo ang inyong Guro sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?" (Mateo 9:9-11 KJV) "36 At ipinamanhik sa kaniya ng isa sa mga Fariseo na kumaing kasalo niya. At siya'y pumasok sa bahay ng Fariseo at naupo sa dulang." (Lucas 7:36 KJV)*** Kailangan nating pumaroon sa mga tao, hindi dahil sa pagkain o pagsasamantala sa kanila, kundi tulad ng ginawa ni Jesus upang ipangaral ang Evangelio, na ipapahayag sa kanila ang Salita ng Dios at ng Kanyang Kaharian.

Ngunit kailangan nating maging maingat at huwag hayaan ang mga gawain ng di mananampalataya ay makapasok sa ating mga tahanan at pamilya at hawaan ang ating mga anak. Gayundin gaya ng ginagawa ng mga di mananampalataya ay hindi dapat hayaang makahawa sa ating mga simbahan at sa ating bagong mga alagad.

Kapag tinawag tayo ng Dios na abutin ang ilang mga tao kung gayon magsasalita Siya sa atin na puntahan sila, at sa pagkilos natin sa pagsunod sa Salita ng Dios, maaring makatagpo natin sila sa kanilang hapag at ibigay sa kanila ang Salita ng Dios at ang mensahe ng Kaligtasan.

Hindi naman kapag tayo'y inanyayahan sa kanilang mga salu salo, at gusto nating kumain, pagkatapos ay sasabihin natin na 'tayo ay humayo upang ipangaral ang ebanghelyo', iyon ay hindi natin layunin na ating dahilan. Ang mga Israelita ay nabitag sa gayong mga kapistahan at salu salo ng mga di mananampalataya, ***"1 At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab: 2 Sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa mga hain sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain at yumukod sa kanilang mga dios." (Bilang 25:1-2 KJV)*** Pansinin dito na ang mga Israelita at gumawa ng imoralidad sa hindi mga mananampalataya mga babae pagkatapos nilang dumalo sa kanilang kapistahan. Sila'y naakit at natuksong magkasala dahil ang mga hangganan at limitasyon ay inalis at sila ay gumawang may pananagutan sa kasalanan. Ito ang epekto ng pagsama at pakikisama sa mga di mananampalataya at pakikipagsalo sa kanila. Tayo, ang ating sarili, ang ating pamilya, ang ating mga anak, ang ating mga disipulo at ang ating mga anak ay maaakit sa kanilang mga paraan, kaisipan at doktrina para sa buhay. Iyon ang tinatawag kong kabaligtaran sa pag-eevangelio; Sa halip na dalhin natin ang evangelio sa kanila, nahawa tayo at naimpluwensyahan ng kanilang makamundong estilo at makasalanang paninindigan.

Maaring sabihin ng ilan, Ako ay matatag at kaya kong mapangasiwaan.' Ako rin ay matatag gaya mo at kaya kong pangasiwaab, ngunit ang ating pamilya, ang ating mga anak, at ang ating mga alagad ay maaring hindi maging gaya ko at ikaw, at maaring madali silang mahila mula sa tamang daan ng buhay. Kaya't, kailangan nating sundin ang tagubilin ng mga Apostol sa atin upang hindi tayo o ang mga nasa ilalim ng ating pangangalaga ay maligaw mula sa tamang daan ng Dios.

Binalaan na tayo ng Dios mula sa gayong pakikipagtipan at pakikipagkaisa sa mga di mananampalataya sa Lumang Tipan gaya ng mababasa natin dito: ***"12 Magingat ka, na huwag kang makipagtipan sa mga tumatahan sa lupain na iyong pinaroroonan, baka maging isang silo sa gitna mo: 13 Kundi inyong iwawasak ang kanilang mga dambana, at inyong pagpuputolputulin ang kanilang mga haligi at inyong ibubuwal ang kanilang mga Asera. 14 Sapagka't hindi ka sasamba sa ibang dios: sapagka't ang Panginoon na ang pangalan ay Mapanibughuin; ay mapanibughuin ngang Dios: 15 Magingat ka; baka ikaw ay makipagtipan sa mga tumatahan sa lupain, at sila'y sumunod sa kanilang mga dios, at magsipaghain sa kanilang mga dios, at ikaw ay alukin ng isa at kumain ka ng kanilang hain; 16 At iyong papag-asawahin ang iyong mga anak na lalake at kanilang mga anak na babae, at ang kanilang mga anak na babae ay sumunod sa kanilang mga dios at pasunurin ang inyong mga anak na sumunod sa kanilang mga dios." (Exodu 34:12-16 KJV)*** Pansinin, sa talata 15 ay binanggit ang sumusunod, ***"at ikaw ay alukin ng isa at kumain ka ng kanilang hain;"*** Kaya dito ay may panawagan ng isang pag anyaya na pumaroon upang kumain at sa gayon ay mabitag sa mga plano ng kasamaan ng Diablo na kanyang binabalak laban sa atin at laban sa mga nasa ilalim ng ating pangangalaga. Tulad ng nabasa natin sa talata 16, na ang susunod na pag unlad ng naturang mga kaganapan sa kapistahan ay ang pag aasawa sa mga non believers. Samakatuwid, kailangan nating maging maingat at huwag dumalo sa imbitasyon na tayo ay tinawag na kumain kasama ang mga di mananampalataya at makibahagi sa kanila sa kanilang mga kapistahan. Kung sabik tayong mag ebanghelyo sa kanila, kung gayon ay pumunta tayo sa kanila sa ibang mga araw.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sinabi ng Dios sa atin ang katulad sa Bagong Tipan gaya ng mababasa natin dito: ***"14 Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman? 15 At anong pakikipagkasundo mayroon si Cristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya? 16 At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga diosdiosan? sapagka't tayo'y templo ng Dios na buhay; gaya ng sabi ng Dios, Mananahan ako sa kanila, at lalakad ako sa kanila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan. 17 Kaya nga, Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, At huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, At kayo'y aking tatanggapin, 18 At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat." (2 Corinto 6:14-18 KJV)***

Umalis tayo at lumayo mula sa dating buhay na ating ipinamuhay dati, ***"3 Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan:" (1 Pedro 4:3 KJV)*** Lumayo tayo mula sa pakikisama at pakikipagsalo salo sa mga di mananampalataya, at huwag nating tularan ang kanilang pamamaraan ng buhay at ang ginagawa nila o pagdiriwang. Sinabi ni David, ***"2 Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan," (Awit 23:2 KJV)*** Inaakay tayo ng Dios sa siping ng mga na tubig na pahingahan at malayo sa mga problema. Samakatuwid, akayin natin ang mga nasa ilalim ng ating pangangalaga sa siping ng mga tubig na pahingahan sa pag iwas sa kanila ang masamang bunga ng pakikisama sa mga di mananampalataya at matutunan mula sa kanila ng mga paraan ng masamang mundong ito, na kalauna'y mag aalis ng masaganang pagpapala ng Dios mula sa kanila.

Tayo ay manalangin…..

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para tagubilin na tinanggap ko mula sa iyong Salita tungkol sa hindi pagkain ng pagkaing inihain sa mga dios-diosan. Panginoon salamata para sa lahat ng Kasulatan at ng mga paliwanag. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid, ng pagsaway, at pagpapayo na tinanggap namin ngayon mula sa iyong Salita.*

*Ipagtapat at talikdan ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong pakikisama sa mga di mananampalataya at maraming kaibigang makamundo. Ipagtapat ang iyong pakikipagkompromiso at pagbibigay papuri at hindi handang manindigan kasama ng Dios. Ipagtapat ang iyong kasakiman, pagmamahal sa pera, pagsasamantala sa mga tao. Ipagtapat ang iyong mga kasinungalingan, ang iyong pagnanasa at imoralidad. Magtapat at talikuran ang iyong pagtanggap na pag aasawa sa hindi mananampalataya. Ipagtapat*

*ang iyong pag aaksaya ng oras sa Media, TV, laro at sa balita. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa mga panalangin. Ipagtapat ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at walang kahandaang magdusa para sa kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa turo at sa mga alintuntunin na tinanggap ko sa mensaheng ito mula sa iyo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na huwag makisama sa mga hindi mananampalataya at huwag sumama sa kanila at sa kanilang mga kapistahan at kumain mula sa kanilang mga pagkain na inihain sa kanilang mga dios-diosan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tapusin ang sumusunod na mga kaugnayan sa mga kaibigan at di mananampalataya ____________________*

*Panginon ipinangako ko na ihiwalay ang aking sarili at ang mga kasama ko sa pakikisama at pakikimatok sa mga di mananampalataya. Panginoon bigyan ako ng pakikipagkilanlan at pagpipigil sa sarili upang iwasang makisama sa mga paraan sa paraan ng masama upang ang aking buhay at paglilingkod ko sa iyo ay maging mabunga at epektibo sa iyo. Panginoon narito ako bumabalik sa iyo, handnag maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo at handang sundina ng katuruan na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon patuloy na pnumbalikin sila at ang kanilang pamilya at mga anak pabalik sa iyo. Panginoon pagalingin sila at ang mga kasama nila mula sa masasamang epekto at bunga ng kanilang pakikisama at ugnayan na mayroon sila sa mga hindi mananampalataya. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at tulungan sila sa kanilang buhay, lutasin ang kanilang mga suliranin at tulungan sila sa lahat ng kanilang mga kaguluhan.*

*Panginoon kami bilang iyong simbahan, ipinapangako namin an gaming sarili na ipatupad ang katuruang ito ng hindi pagkain ng pagkaing inihain sa mga dios-diosan, at huwag makipamatok sa mga hindi mananampalataya o sang ayunun ang pag aasawa sa kanila. Panginoon dalangin namin na patuloy ka ilanta ang gayong mga kasalanan sa aming kalagitnaan at bigyan kami ng karunungan kung paanong hawakan ang sitwasyon at harapin ang mga nasangkot sa gayong mga kasalanan. Panginoon ipinangako namin ang amig sarili na sumulong sa pag abot sa bagong mga tao at lugar ng evangelio ni JesuCristo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga manggagawa at magsanay ng bagong mga mangggawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagkaing Inihain sa mga dios-diosan. Mga Gawa 15:20. Mga Gawa 15:28-29. Mga Gawa 21:25. 1 Corinto 10:19-22. 1 Juan 2:15-17. 1 Corinto 10:27-28. Lucas 15:1-2. Mateo 9:9-11. Bilang 25:1-2. Exodu 34:12-16. 2 Corinto 6:14-18. 1 Pedro 4:3. Awit 23:2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com